


Music

Quarter 3 – Module 2: Ang Antecedent Phrase at Consequent Phrase ng Isang Awitin



Musika – Grade 4

Alternative Delivery Mode

Quarter 3 – Module 2: Ang Antecedent Phrase at Consequent Phrase ng Isang Awitin Unang Edisyon, 2020

“Isinasaad ng **Batas Republika 8293, sekyon 176** na “Hindi maaaring magkaron ng karapatang-ari (sipi) sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito’y pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaringgawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.”

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand names, tatak o trademarks, palabras sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay sa nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. . Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis-Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Rhodora M. Ilano

Editor: Jerilyn M. Torio

Tagasuri: Cynthia T. Montañez

Tagaguhit: Emma N. Malapo, Daniel C. Tabinga, Jr.

Tagalapat: Rhodora M. Ilano, Daniel C. Tabinga, Jr.

Tagapamahala: Gilbert T. Sadsad

Francisco B. Bulalacao, Jr.

Grace U. Rabelas

Ma. Leilani R. Lorico

Gerson V. Toralde

Belen B. Pili

Randy A. Bona

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region V

Office Address: Regional Center Site, Rawis, Legazpi City 4500

Telefax: 0917 178 1288

E-mail Address: region5@deped.gov.ph

Music

Quarter 3 – Module 2: Ang Antecedent Phrase at Consequent Phrase ng Isang Awitin

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Magandang Araw sa iyo!

Kung ang tula ay binubuo ng mga taludtod at ang rhyme o chant naman ay tulad din ng awit na binubuo ng mga phrases, ang musika ay may mga *musical phrases* na magkakaugnay at nakabubuo ng isang *musical idea*.

Ang mga ***Antecedent*** at ***Consequent phrases*** ay magkakaugnay. Ito ang dalawang ***phrases*** na pinagsasama upang makabuo ng musical idea.

Kadalasan, ang *antecedent phrase* ang tawag sa pariralang nagtatanong at kadalasan ay may papataas na himig. Sa pag-awit nito, karaniwan ang pakiramdam ay hindi tapos o bitin. Ang *consequent phrase* naman ay ang pariralang sumasagot sa *antecedent phrase* na kadalasan ay may pababang himig o pakiramdam ng pagtatapos.

Layunin ng modyul na ito ang mga sumusunod:

1. Natutukoy ang *antecedent* at *consequent phrase* ng isang awit.
2. Naipakikita ang pag-unawa sa *musical phrases*, ang gamit at kahulugan ng mga salita sa *musical form*.



Subukin

Masdan mo ang mga larawan na nasa kahon.

Tukuyin kung alin ang nagbibigay ng mataas at mababang tono.




1. Laud



2. Gitara



3. Tuba



4. Xylophone



5. French Horn


Sagutin:

1. Ano-anong mga instrumento ang may mataas na tono?
2. Ano ano naman ang mga instrumentong may mababang tunog?

Aralin

1

Ang Antecedent Phrase at Consequent Phrase ng Isang Awitin




Balikan

- A. Awitin ang **sol-fa syllables** mula sa mababang “do” hanggang sa mataas na “do” at **vice-versa** gamit ang Kodaly Hand Signals.

Narito ang link para mapakinggan, mapag-aralan, at masuri ang bahagi ng aralin.

<https://www.youtube.com/watch?v=6eiHTUytFpk>

<https://www.youtube.com/watch?v=B16qGA2PE9M>





Tuklasin

Gawain 1: Narito ang awiting, “*Mary Had a Little Lamb*”. Isulat sa loob ng kahon kung ito ay *Antecedent Phrase* o *Consequent Phrase*.

Heto ang link ng awitin ng “*Mary Had a Little Lamb*” upang mapakinggan, mapag-aralan at masuri ang mga bahagi na may *Antecedent Phrase* at *Consequent Phrase* sa awitin:

<https://www.youtube.com/watch?v=iBdNndsM1Nw>

Mary Had a Little Lamb

1.

Ma- ry had a lit- tle lamb. lit- tle lamb, lit- tle lamb.

2.

Ma- ry had a lit- tle lamb; its fleece was white as snow.

Source: Mister A Music Place , mary.png, Free Royalty.
<https://mramusicplace.files.wordpress.com/2014/10/mary.png>

Gawain 2: Ito ang awiting “Salidommay”. Kulayan ng **pula** ang bahagi ng awitin na may *Antecedent Phrase* at kulay **dilaw** naman para sa *Consequent Phrase*.

Narito ang link ng awitin ng “Salidommay” para mapakinggan, mapag-aralan, at masuri ang mga bahagi na may *Antecedent Phrase* at *Consequent Phrase* sa awitin:
https://www.youtube.com/watch?v=RJR_enii2u8

Salidommay

Kalinga Folksong

Ay- ay pay ni Ma- nang ko I- na- sa- wa't sol- da do.
 Mar- ba- co- ma diay ban- tay Ma- gu- bu- ran diay bay- bay

Ay ay sa- li- dom- may sa- li- dom- may di- was.

Source: Musika at Sining 4, Kagamitan ng Mag-aaral p.54



Suriin

Awitin ang lunsarang awit. Bigyan pansin ang *Antecedent Phrase* at *Consequent Phrase*. Narito ang link ng awitin ng “Ugoy ng Duyan” para mapakinggan, mapag-aralan at masuri ang mga bahagi na may *Antecedent Phrase* at *Consequent Phrase* sa awitin:

<https://www.youtube.com/watch?v=j6keYp0VWR8>

Ugoy ng Duyan

Levi Celerio

Lucio D. San Pedro

5 Sa- na'y di mag- ma- liw ang da- ti kong a- raw


9 Nang mun -ti pang ba- ta sa pi- ling ni Na- nay.

13 Na- is kong ma- u- lit ang a- wit ni I- nang ma- hal

A- wit ng pag- i- big Ha- bang a- ko'y na- sa du- yan

Source: *Musika at Sining 4, Kagamitan ng Mag-aaral p. 73*

1. Tungkol saan ang awitin?
2. Paano natin ito aawitin, malakas ba o mahina? Bakit?
3. Aling bahagi ang *antecedent phrase*? Isulat ang titik nito.
4. Alin namang bahagi ang *consequent phrase*? Isulat ang titik nito.



Pagyamanin

A. Pakinggan at awitin ang “Ohoy Alibangbang”.

Narito ang link ng awitin ng “Ohoy Alibangbang” para mapakinggan, mapag-aralan at masuri ang awitin.

<https://www.youtube.com/watch?v=PEy2mix0FC8>

<https://www.youtube.com/watch?v=YUnCQDe-oe8>

Ohoy Alibangbang

Hiligaynon

♩

La la la la la la la la la la la la la la la la

la la la la la la la La la la la O

hoy a -li bang- bang kon i- kaw ang mag- lu- pad. Ta- ta-

pon mo sing ma- a- yo ang ta- nan ta- nan nga bu- lak, Ba-

si sa ma- u- li- hi- kon i- kaw man ang ma- li- pat. Pob-

re- si- ta- pu- la- nga sa du- ta a- hay ma- tak- tak. La la la

D.S. Al Coda

la La la la la la la la la la la O-

hoy a- li- bang- bang.

Salin:

Ohoy paruparo kung ikaw ay lilipad
Alagaan mo nang mabuti ang mga bulaklak
Baka kung sakaling malimutan mo
Sayang si Gumamela na malaglag sa lupa

Isagawa ang mga sumusunod:

B. Awitin at bigkasin ang **antecedent phrase** sa una, ikatlo, ikalima, ikapito at ikasiyam na phrase na parang nagtatanong.

C. Awitin at bigkasin naman ang **consequent phrase** sa ikalawa, ikaapat, ikaanim, at ikawalong phrase na parang nagbibigay ng kasagutan.

“Ohoy Alibang”

Unang Phrase:	La la la la la la la la la
Ikalawang Phrase:	La la la la la la la la la
Ikatlong Phrase:	Ohoy Alibangbang kon ikaw ang maglupad
Ikaapat na Phrase:	Tatapon mo sing maayo ang tanan, Tanan nga bulak
Ikalimang Phrase:	Basi sa maulihi kon ikaw man ang malipat
Ikaanim na Phrase:	Pobre si tapula nga sa duta ahay mataktak
Ikapitong Phrase:	La la la la la la la la la
Ikawalong Phrase:	La la la la la la la la la
Ikasiyam na Phrase;	Ohoy Alibangbang

Mahalagang Gawain

Magkaroon ng isang video compilation ng gawain at ipadala ang mga videos sa guro sa pamamagitan ng messenger o email.

Nagawa mo ba nang maayos?

Magaling!

Sagutin:

1. Ilang musical phrases mayroon ang awitin?

2. Sa pagbigkas at pag-awit ng “**Ohoy Alibangbang**” nang salit-salitan, ano ang inyong napansin?

3. Ano ang naramdaman mo habang inaawit ang mga **antecedent** at **consequent phrases**?



Isaisip

Ano ang **Antecedent Phrase**?

Ito ang tawag sa pariralang nagtatanong at kadalasan ay may papataas na himig. Sa pag-awit nito, karaniwan ang pakiramdam ay hindi tapos o bitin.

Ano ang **Consequent Phrase**?

Ito naman ang pariralang sumasagot sa **antecedent phrase** na kadalasan ay may pababang himig o pakiramdam ng pagtatapos.



Isagawa

Panuto: Sa titik ng awiting “Ako Mananggete,” bilugan ang **antecedent phrase** at ikahon ang **consequent phrase**.

Narito ang link ng awitin para mapakinggan, mapag-aralan at masuri ang awitin. <https://www.youtube.com/watch?v=ia-f0aL3KQs>

Ako Mananggete

Hiligaynon Folksong

A- ko ma- nang- ge- te nga na- ga- ba- lik- ba-
lik. Sang- lit- na li- pa- tan, bal- kan kag pa- bik.
Su- ma- ka sa ni- yog, u- ri bay ang ka- wit.
Pu- mung- ko sa pak- lang kag mag- pa- tik- tik pa- tik

Source: *Musika at Sining 4 Kagamitan ng*

Mag-aaral, p.74

Sagutin mo:

1. Ano ang kahulugan ng pamagat ng awitin?

2. Alam mo ba kung anong puno ang tinutukoy sa awitin?

3. Paano ito inaawit?

4. Saang lugar nagmula ang awiting ito?



Tayahin

A. Sagutin ang mga tanong.

1. Ano ang karaniwang direksiyon ng himig ng **antecedent phrase**?

2. Ano naman ang karaniwang direksiyon ng himig ng **consequent phrase**?

B. Isulat sa loob ng kahon kung ito ay **Antecedent Phrase** o **Consequent Phrase**.

3.



4.



C. Awitin mo nang maayos at naaayon sa tamang tono.

Narito ang link ng awitin ng **“Mary Had a Little Lamb”** para mapakinggan, mapag-aralan at masuri ang mga bahagi na may **Antecedent Phrase** at **Consequent Phrase** sa awitin:


<https://www.youtube.com/watch?v=iBdNndsM1Nw>

Mahalagang Gawain:

Magkaroon ng isang video compilation ng awitin at ipadala ito sa guro sa pamamagitan ng messenger o email.


Mary Had a Little Lamb

1.



Ma- ry had a lit- tle lamb. lit- tle lamb, lit- tle lamb.

2.



Ma- ry had a lit- tle lamb; its fleece was white as snow.

Naawit mo ba nang maayos ang awitin?

1. Ano ang nararamdaman mo habang inaawit ang mga **antecedent** at **consequent phrases**?

2. Ano ang ginawa mo para gumanda ang interpretasyon mo sa kanta?



Karagdagang Gawain

Anu-anong mga kilos ang maaari mong gawin habang inaawit ang mga *antecedent phrase* ng “*Mary Had A Little Lamb*”? Anu-anong mga kilos naman para sa *consequent phrase*? I-video ang sarili habang ginagawa pag-awit at pagkilos. Ipadala ang *video* sa messenger o sa email.

Maglista ng tatlong (3) mga kilos para sa ***antecedent phrase*** at tatlong (3) mga kilos para ***consequent phrase***.

Antecedent Phrase

Consequent Phrase



Susi sa Pagwawasto

Subkin: 1. xylophone, gitara
2. tuba, laud, French horn

Balikan: A. Pagsasagawa ng Kodaly hand signal pataas-pababa

Tuklasin:
Gawain 1: Antecedent Phrase
2. consequent Phrase
Gawain 2: Pagsasanay

Surtin: 1. Ugoy ng Duyan
2. malumbay at mahina

Antecedent Phrase- Sanay di magmaliw ang dati kong araw/
Nais kong maulit ang awit ni inang mahal
Consequent Phrase: Nang munti pang bata sa piling ni nanay
Awit ng pag-ibig habang akoy nasa duyan

Pagymamin:
1. (sa Pyesa) Anim/ (sa Gawain) siyam
2. Tila may nagtatamong at may sumasagot
3. 2 uri- antecedent at consequent phrase

Isagawa:
Gawain 1
Bilugan ang mataas na bahagi
Ikahon ang mababang bahagi
Gawain 2
1. Ako Mananggete
2. Niyog
3. Masigla
4. Hilagaynon

Tayahin:
1. Pataas
2. Pababa
3. Antecedent Phrase
4. Consequent phrase
5. Masaya
6. Sa pag-awit: Bigyan ito ng buhay at dapat naayon sa tono

Karagdagang Gawain (Mga halimbawa)
1. Umaakyat sa hagdan, umaakyat sa puno, tumaas
2. Bumababa, tumatalon, magpadulas

Sanggunian

Copiaco, Jacinto Jr., Halinang Umawit at Gumuhit, Vibal Group Inc.,2016

Kagawaran ng Edukasyon, Patnubay ng Guro, Book Media Press Inc.,2015

Kagawaran ng Edukasyon, Kagamitan ng Mag-aaral, Book Media Press Inc. 2015

Valdecantos, Emelita C. Umawit at Gumuhit, St. Mary's Publishing Corp., 1999

Kagawaran ng Edukasyon, Kagamitan ng Mag-aaral, Musika at Sining 4

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex

Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph